

Palaging may paraan upang mapaputi ang iyong mga ngipin

Naisip mo na bang magkaroon ng isang hanay ng mukhang perlas na mga ngipin?

Iba't ibang mga kulay at mantsa

Medyo dilaw na kayumanggi hanggang maasul na kulay-abo



Sanhi:

Kung nakainom ka na ng tetracycline, isang uri ng antibiotics, sa isang yugto ng panahon sa panahon ng pagtubo ng mga ngipin, ang nabuong mga ngipin ay magiging dilaw na kayumanggi hanggang maasul na kulay-abo.

Paggamot:

Maaaring payuhan ka ng iyong dentista tungkol sa angkop na paggamot para sa kondisyon ng iyong ngipin at gilagid.

1. Pagpapaputi



Bago ang pagpapaputi



Pagkatapos ng pagpapaputi

● Pagpapaputi sa bahay:

Kukuha ng palagay ang dentista sa iyong mga ngipin upang gumawa ng isang pangkat ng mga modelo. Bumuo ng isang pasadyang bandeha ng pagpapaputi mula sa laboratoryo ng dentista. Dapat mong punuin ang bandeha ng solusyon ng pagpapaputi at ilagay ito sa ngipin nang magdamag. At saka, dapat mong isuot ang bandeha tuwing gabi ayon sa mga tagubilin ng dentista at bumalik sa dentista para sa mga susunod na pagpapatingin ayon sa iskedyul.

- Propesyonal na pagpapaputi:

Gumagamit ang dentista ng matinding liwanag upang pabilisin ang reaksiyon ng purong gel na pampaputi upang paputiin ang mga ngipin.

Binibigyang-daan lang ng pagpapaputi ang ngipin na manatiling maputi sa isang haba ng panahon at magkakaiba ang tagal. Kaya maaaring mangailangan ka ng pag-ulit na paggamot upang mapanatiling maputi ang mga ngipin.

2. Pagtatapal

Pinapastahan ng dentista ng porselana na nakalaminang pantapal ang ibabaw ng ngipin.



Bago ang pagtatapal



Pagkatapos ng pagtatapal

Kulay-abong itim na mga ngipin



Sanhi 1:

Ang ngipin ay patay (patay)

Kung ang ngipin ay nawalan ng buhay dahil sa pagkagambala ng ngipin o pagkasira ng ngipin, ang mga sustansyang inilalabas ng patay na kalamnan ay tatagos sa dentin ng ngipin, at gagawin ang ngipin na kulay-abong itim.



Ang ngipin ay patay



Pagkatapos ng terapi na root canal

Paggamot:

Kung patay na ang ngipin, kakailanganin ang terapi na root canal. Kung ang ngipin ay kulay-abong itim pa rin matapos ang terapi, maaaring ipayo ng dentista sa iyo na magkaroon ng pagpapaputi ng kalamnan o pagtatapal o pagkorona.

Sanhi II:

Sira ang ngipin

Paggamot:

Inaalis ng dentista ang sirang bahagi ng ngipin at pagkatapos ay ibinabalik ang ngipin.



Mga sirang ngipin



Pagkatapos ng pagpasta

Medyo dilaw na kayumangging mga mantsa sa mga ngipin**Sanhi:**

Kung masyadong sira ang unang ngipin na nakalabas ang kalamnan, ang bakterya, sa pamamagitan ng tuktok ng ngipin, ay magiging sanhi ng impeksiyon sa lugar ng nabubuong permanenteng kapalit. Gagambalain nito ang pagbuo ng enamel ng permanenteng ngipin, na magresulta sa pagkakaroon ng mga kulay kapeng madilaw o puting mantsa.

Paggamot:**1. Pinaghalong pagpapanumbalik**

Matapos linisin ang ibabaw ng ngipin, panunumbalikin ang ngipin gamit ang pinaghalong resin na katugma ng natural na kulay ng ngipin.



2. Pagtatapal

Pinapastahan ng dentista ng porselana na nakalaminang pantapal ang ibabaw ng ngipin.



Mga kulay kapeng itim na mantsa sa ibabaw ng ngipin



Sanhi:

Ang paninigarilyo o kinagawiang pag-inom ng mga kulay-itim na inumin, tulad ng tsaa o kape, ay magreresulta sa nahithit na mga kulay sa mga ibabaw ng ngipin upang maging mga mantsa.

Paggamot:

1. Pagpapakintab ng Ngipin

Gumagamit ang dentista ng pulbos na batong-buga upang alisin ang mga maiitim na mantsa at pagkatapos ay gagamit ng mga masang pampakintab upang pakintabin ang mga ibabaw ng ngipin.



Natanggal ang maiitim na mantsa

2. Pagpapakintab ng ngipin gamit ang prophy jet

Hinahaluan ang hangin ng pulbos ng soda (sodium hydrogen carbonate) at tubig. Pagkatapos ay ibinubuga ang halo sa pamamagitan ng napakabilis na pambuga upang tanggalin ang mga mantsa sa mga ibabaw ng ngipin.

Pagkatapos matanggal ang kulay kapeng maitim na mga mantsa, upang maiwasang ang mga mantsa ay muling bumalik, dapat mong baguhin ang iyong gawi sa pamamagitan ng paghinto ng paninigarilyo at pag-inom ng kaunting kulay itim na mga inumin.

Mga berde o kulay-kahel na mantsa sa mga



Sanhi:

Hindi lubusang nalilinis ang mga ngipin, at ang naiipong plaque na may bakterya o fungi na makakalikha ng kulay at magiging berde at kulay-kahel na mga mantsa.

Paggamot:

Magsasagawa ang dentista ng paglilinis ng ngipin upang tanggalin ang naipong plaque at mga mantsa.



Natanggal ang mga mantsang kulay-kahel

Bahagyang madilaw na mga ngipin**Sanhi:**

Dahil ang enamel ng mga permanenteng ngipin ay bahagyang naaaninag, ang madilaw na kulay ng nasa ilalim na dentin ay nakikita rito. Kaya, mukhang bahagyang madilaw ang mga permanenteng ngipin. Habang tumatanda tayo, lalong nagiging makapal ang dentin, at normal na nagiging mas madilaw ang ating mga ngipin.

Paggamot:

Magtiwala ka na normal at walang problema ang madilaw na mga ngipin, kaya walang kailangang paggamot na pagpapaputi.

Konklusyon

Ang kulay ng mga ngipin at ang mga mantsa sa ibabaw ng ngipin ay parehong sanhi ng mga kadahilanan sa kapaligiran. Ang mga dahilang panloob na kapaligiran ay humahantong sa pagkawala ng kulay ng mga ngipin habang ang panlabas na mga kadahilanan ay nagsasanhi ng pagmamantsa ng mga ibabaw ng ngipin.

Paggamot sa pagkawala ng kulay ng mga ngipin

Humingi ng payo mula sa isang dentista para sa:-

- pagpapaputi
- magandang pagpapanumbalik

Pag-iwas sa pagmamantsa ng mga ibabaw ng ngipin

Bigyang-pansin ang mga pang-araw-araw na gawi:-

- ihinto ang paninigarilyo at bawasan ang pag-inom ng maiitim na kulay na inumin
- araw-araw na magsipilyo ng mga ngipin sa umaga at sa gabi at gumamit ng dental floss upang lubusang matanggal ang plaque